

Salin ng Boot, Dakit ng Loob: Suring Paghahambing sa *Urbana at Feliza* (1864) at *Urbana asin Feliza* (1867)

JAYA JACOBO

The Cordillera Review: Journal of Philippine Culture and Society 8 (1): 109–118.
<https://doi.org/10.64743/REUC1444>

ABSTRAK

Binabasa sa sanaysay ang *Urbana at Feliza* (1864) ni Modesto de Castro at ang salin nito sa Bikol, ang *Urbana asin Feliza* (1867) ni Fruto de Prado, ayon sa mga kategorya ng “loob” / “boot,” sa pamamagitan ng pagsulong ng isang bernakular na pamaraan ng paghahambing na nag-uugat sa “salin” / “dakit.”

Mga susing salita: Paghahambing, pagsasalin, nobela, bernakular, pilolohiya

This essay reads Modesto de Castro's *Urbana at Feliza* (1864) and *Urbana asin Feliza* (1867), its translation in Bikol by Fruto del Prado, according the conceptual categories of interiority “loob” / “boot,” by pursuing a vernacular method of comparison rooted in “salin” / “dakit.”

Keywords: Comparison, translation, the novel, vernacular, philology

Panukala ng sanaysay na ito ang isang panibagong sipat sa klasikong teksto na *Pagsusulatan nang Dalawang Binibini na si Urbana at ni Feliza* (Modesto de Castro 2005) sa pamamagitan ng isang kayarian ng pagdalumat na tatawagin natin ngayong “suring paghahambing.” Simulain ng gayong kumpas ang isang pilolohikong relasyon sa teksto. Kung sasangguniin ang *Vocabulario de la Lengua Tagala*, mahaling pagtuunan ng pansin ang “hambing” bilang una, “semejanza” at ikalawa, “equivalencia” (de Noceda at de Sanlucar 1860). Kapag isinadiwa ang mga katuturan ng ito, mahihinuha na ang kilos ng paghahambing ay isang pagtuon tungo sa isang kaisipan ng “pagkakatulad” na nagbibigay ng posibilidad sa isang kayarian ng “tumbasan.” Kung ano ang magkatulad, may pagkakataon na magkatumbas ang mga ito sa isang sistema ng paghahambing. Dadalhin ng pangunahing

pakahulugan na ito ang kumpas na palahambing sa “palabra oscura,” salitang hindi malinaw ang hiwatig, kaya’t kinakailangang hanapan ng katulad o katumbas (de Noceda at de Sanlucar 1860). Tutungo pa ang dalumat sa “dar razones para se que apliquen á otra cosa,” ang paghahanap ng katwiran upang magkaroon ng saysay ang diwa sa ibang bagay (de Noceda at de Sanlucar 1860). Matapos nito, dahil “tambien relativo,” may kakayahang nang patungkulan ang bagay na yaon sa paghahambing (ibid.). Sa kaugnayang malilikha sa naghahambing, “procuran imitar,” may mithi na panatilihin ito sa pagtutulan (ibid.). At sa wakas, sa “ser equivalentes,” ang mismong paghahambing na nga ang magsisilbing sukatan ng tagumpay sa pagtumbas (ibid.). Itinuturo, samakatwid, ng dalumat ng su-ring paghahambing ang konsepto ng pag-uulit-diwa bilang batayang paraan ng pagtutulan at pagtutumbas, hanggang sa makahanap na nga ng bagay na siyang makapagpapatunay na may natutulan, at ang pagkakatulad na ito ay may elemento ng katiyakan, dahil nagagawang sipiin ng dalawa ang isa’t isa, nasusukat bilang magkatumbas, at magkatumbas dahil nasusukat sa loob ng paghahambing. Dito natin hahalawin ang mga batayan at paraan ng muli nating pagsusuri sa sulatan—sa suring paghahambing.

Sukatin natin ang malawak na larang ng paghahambing bilang paraan ng dalumatang diwa sa pamamagitan ng paghahanap na nga ng maaaring paghambingang ng “hambing” sa labas nito, sa isa pang wika, sa Bikol. Dito rin natin ihahanda ang isa pang antas ng muling pagsipat sa *Urbana at Feliza* (2005) ni Modesto de Castro, sa pamamagitan ng salin nito, ang *Pagpasuratsurat na ni Urbana asin ni Feliza na Paghihinodan nin Marahay na Caogalean na dapit sa Paquiutubang sa Macasitauo* (1867) ni Fruto del Prado. Wala pang gaanong detalye na mahahanap tungkol sa buhay ng tagasalin, subalit ayon sa pahinang pampamagat ng edisyong gagamitin sa sanaysay na ito, sa panahon ng paglilimbag ng teksto, kura paroko si del Prado ng bayan ng Casiguran, na noon ay sakop ng lalawigan ng Albay. Mahalaga ang gawang nabanggit hindi lamang bilang bukodtanging saling Bikol-non ng nasabing pangunahing teksto ng panahong iyon; kasabay ng iba pang salin sa Iluko at Bisaya, isiniwalat ng salin ni del Prado ang nobela ni de Castro sa labas ng Katagalugan (Reyes 1999, 3-29).

Masasabing katulad o katumbas ng “hambing” ang “hinolay,” na siyang kilos ng paghahambing, “hacer comparacion,” o ng pagbibigay ng katulad, “darla de alguna cosa semejante” (de Lisboa 1865). Mahalaga sa hinolay ang ibang bagay: “el lugar, ó persona, ó cosa, á que se compara la otra” at ang batayan ng mga ito: “lo que se compara con otra, tiempo, y causa” (ibid.). Maaari ring ihambing sa hambing at hinolay ang “bolag,” na, tulad ng “como” o “tulad,” salita na mismong ginagamit upang ihambing o iholay ang mga bagay-bagay (ibid.). Mahalagang aspekto ng bolag ang pakahulugan nitong

“apartarse de otro,” na layuan ang isa (ibid.). Pinatutungkulan din ng salita ang bagay na nilalayuan, “la cosa de que se aparta.” Iminumungkahi kung gayon ng “bolag” ang mga kondisyon ng mismong paglayo (ibid.). Bagaman hindi sa kinagawian, pinatutunayan pa rin ang kilos ng hambing at hinolay ang balintuna ng agwat ng mga bagay sa isa’t isa. Sa patnubay ng hambing/hinolay, ang agwat na ito ay nagpapalapit sa kabila ng mga hudyat ng paglayo.

Katumbas ng kumpas ng “bolag” ang kilos ng “siring,” na siyang naghuhudyat ng paghahambing at paghinolay sa loob mismo ng isang pahayag. Malawak ang nararating ng ganitong paghinolay dahil sa “siring,” sarili, dimensiyon, dami, estado ng katauhan, kalakhan/kalahatan, panahon, at kondisyon ng pagkakaroon o hindi, ang napatutungkulan (ibid.). O ang kawalang-hambing o hinolay: “dayn siring” / “no tener igual, ó no hay cosa como esa” (ibid.). Ganunpaman, nararapat ding idagdag ang iba pang pakahulugan sa “siring” bilang indikasyon ng lugar o paraan ng paggawa ng isang bagay, o ng pagtungo na nga sa lugar o pagsunod sa paraan ng pagsasagawa (ibid.).

Mahalaga ring itapat sa diskusyon ng “hinolay,” “bolag,” at “siring” bilang katulad/katumbas ng “hambing” ang “barang” bilang salin sa Bikol ng “semejanza.” Sa kanyang mga deklensyon, maaari nitong patungkulan ang isang kumpas ng pakikihawig: “hacerse semejante, que se parezca á otro, como disfranzándose,” ang akto ng paghahanap ng pagkakatulad ng dalawang bagay: “hacerse semejantes dos cosas,” ang mga bagay na kailangang kumpunihin o baguhin upang maging magkatulad: “el lugar, ó el que es remedado de otro, ó asemejado,” o dalawang bagay na nga na magkahawig: “ser dos cosas semejantes y se parecen mucho.” Maaari ring patungkulan ng “barang” ang isang uri ng tanaw na nababata sa kalinawan ng mata—“lo que es visto así de alguna parte de donde la miran” (ibid.); kaya’t maaaring maging hudyat ang linaw na ito ng kakayahang sa pagholay, pagbolag, pagsiring, sa mismong pagbarang upang maiukol ang mga bagay sa isinasagawang paghahambing.¹

Lumington tayo sa isang kabanata mula sa nobela at sipatin natin ito sa isang matalik na pagbasa ayon sa dalumatan ng paghahambing: mula sa Tagalog, ng 1864: “Pag iibigan,” at mula sa Bikol, ng 1867: “Pagcamootan.”

Simulan natin ang suri sa isang liham ni Urbana kay Feliza:

May pag papalagayan nang loob, na bunga nang tapát na pag-iibigan.... Magbibigay lugod sa casama o caibigan, pag bibig-yang honor ó puri, nguni ang pagbibigay ay tapát sa loob, at di paimbabáo.... Hindi ang isa lamang ang magpapapaquita nang loob, cun di capuoa ang pagpapapaquita. Cun ang isa, i, naquiquitaan nang casiraan, ay dapat sabihin nang isa, nang banayad at mahusay na

sabi, nang houag mapulaan ang caibigan...tangapin...ang magandang hatol nang nagtatapat loob sa caniya. *Ang pag iibigan ay isang cagulio-gulio na tanticalang guintó, na tumatali sa dalawang puso* (Modesto de Castro 2005; akin ang diin)

Batay sa *Vocabulario de la Lengua Tagala*, ang pakahulugan ng “ibig” ay maaaring ilatag sa isang larang ng pag-unawa na binubuo ng “querer,” “amar,” “antojo,” at “apelecer” (de Noceda at de Sanlucar 1860). Mula rito, maaari nating isakonsepto ang abot ng “ibig” ayon sa gaan ng “nais” (antojo), rubdob ng “nasa” (querer), atas ng “gana” (apelecer), at pintuho ng “sinta” (amar). Malinaw na naaabot ng malay ang isang epistemolohiya, o paladiwaan, ng mithi. Dinarnas ang nasabing diwa ng taong “maibig” o “maibiguin” bilang isang “caibigan,” “quinaiibigan,” kung hindi man sangkot na sa isang sitwasyon ng mga “nagcacaibigan” (ibid.). Bilang isang lakas buhat sa kalooban, ang “ibig” ay isang katangian ng pagtatangi, ng pagtuon ng loob palabas na nagbibigay-pagkakataon sa sinuman na makapagbuo ng mga ugnayan, mula antas fraternal tungong erotikong. Subalit, may mga malay namang “ualang mapagibigan” (ibid.). Mahalaga ang estado ng gayong danas, upang ilahad na hindi lahat ng “ibig” mula sa loob ay maitutulad, maitutumbas, at maihahambing sa anumang bagay o sinumang katauhan sa labas. Nasa kalikasan ng “ibig” bilang isang puwersa ang panganib ng “di naaabot na labis ng inaasahang obhetong, na maaaring magkulang sa timbangan ng nais, nasa, gana, at sinta.

Ang “ibig” ay napapaloob sa “loob,” na ayon muli sa *Vocabulario de la Lengua Tagala* ay “adentro,” “entrar al aposento,” “voluntad,” at tulad ng ibig, “querer” (ibid.). Malinaw sa larang ng pakahulugan na naaabot ng palatandaan sa ligid ng “loob” ang isang kayarian tulad ng “silid” na kapag pinasok ay magtuturo ng kaibhan ng mismong espasyo ng “loob” sa espasyo ng “labas.” Mahalaga ang kontekstong ito ng arkitektura upang bigyan ng matalinghagang dimensiyon ang “kusa” ng damdam o isip na igiit o ikaila ang kanyang mga “mithi.” Nakapaloob sa diwa ng “loob” ang isang handog—ang ganting pala na nakalakip sa “caloob” (ibid.), bagay na kapwa talinghaga ng loob ng nagbibigay at palatandaan ng mithi ng huli na ilagda sa bagay ang pakikipagkapwa sa sandali ng paghahandog; na maging “caloob” ng sarili ang iba.

Ganunpaman, nakatala rin sa signos ng “loob” ang karahasan, lalo na’t wala sa kusa ang palitan—hindi katumbas ng loob ng isa ang loob ng kanyang kapwa (ibid.). Dito mahalaga ang paglalarawan sa danas ng loob ayon sa penomenolohiya ng pilosopo at makatang si Albert E. Alejo SJ:

‘Loob’ ang binigkas nila upang pangalanan ang loob ng palayok na kanilang hinuhubog, habang ang hinlalaki nila ay nasa bahag-

ing labas ng nabubuong sisidlang-putik at ang ibang daliri naman ay katapat ng pumipisil mula sa loob. At dahan-dahan, nabubuo nang sabay ang loob at labas ng palayok. At marahil din, dito nagsimula ang kanilang pagbigkas ng ‘tuloy kayo!’ sa loob ng aming tahanan ‘pagmamagandang-loob.’ ‘Huwag kayo riyang mag-usap sa labas’ panawagan ito upang mag-sarilinan sa loob ng tahanan. (1990, 69)

Idinudulog sa atin ng diwa ng “ibig” na inaabot ang “loob” hindi lamang ng isang diskurso ng hospitalidad, o ng pangangapit-bahay, kundi ng mismong pakikipagkapwa-tao, ng isang anyo ng pakikipagkasundong etikal, at hindi na lamang walang pagbubulay na implementasyon ng etiketa, gaya ng nakagawiang pagsipat sa *Urbana at Feliza*.

Sa “loob,” natutukoy ang isang silid, ngunit hindi lamang ang pagsilid ang nakakatha sa talinghaga ng palayok. Natitiyak din ang isang pamaraang nagpapanukala ng isang gawi ng paglikha: isang poetika. Sa talinghaga ng loob nananahan ang arkitektura ng kalooban; doon din makatatago ng walang hanggang posibilidad tungo sa labas, kung saan ang ibayong sarilikhanaan ang mapasisimulan.

Itinuturo sa atin ni Alejo ang isang pag-unawa sa loob na ipinapaloob ang anyo sa isang kaayusan ng mundo. Binibigyan nito ng pagkakataon na mailarawan ang anyo sa “anyo,” naroron subalit may hangganan bilang banaag; tungo sa “hugis,” na natuturo ayon sa mga pangatawanan; sa “yari,” na natitipon sa latag ng kagamitan; at sa “hubog,” na may taya sa pagkakalagak ng eskultura. Inilalatag nitong mundo ng salita ang silid sa walang hanggan, at ang loob, sa kalooban.

Sa sipi mula sa nobela, matutunghayan natin ang isang masalimut na diskurso ng pakikipagkapwa-tao. Maaninag ito sa isang estado ng “pagkakapalagayang loob,” ng pagkakatatago ng loob ng nakikipagkapwa sa loob ng iba, ng pagiging kaloob ng bawat isa. Matindi ang panukalang ito dahil sa pamantayang nakabatay sa “tapat” (de Noceda at de Sanlucar 1860), ng isang matalik na enkwentro: pook kahirap ng pook, loob katumbas ng loob. Ngunit ang pakikiharap ay hindi lamang sa antas ng mukha. Ito ay tumatagos sa loob, lumalamas sa kababawan.

Dahil nagaganap ang tapatan sa pagbibigay ng “lugod” at ng “puri,” ang mga kaloob na ito ay paraan ng “pagpapakita:” ng pagpapalabas (de Noceda at de Sanlucar 1860). Ayon sa *Vocabulario de la Lengua Tagala*, ang “labas” ay maaaring unawain palibot sa diwa ng “salir” at ng “sacar”: sa kilos ng paglisn ng isang pook patungo sa isang ibayo, at sa kumpas ng pag-alis ng isang bagay mula sa loob (ibid.). Sa pagdidili ng kritiko at historyador ng sining na si Patrick Flores, ang “palabas” ay patungkol sa pagtatanghal (*performance*) at sa isang hilig na tumungo sa labas (*inclination outward*). Paliwanag niya:

Palabas is spectacle and appearance. It speaks of an outward thrust from an interior, and so is both inclination and intimation. There is a deliberate agency at work in a gesture of performance or the process of making something appear and making it appear in a particular way. (2008, 8)

Ang palabas ay tanawing marubdob at malumanay. Pinatutungkulan nito ang isang kilos buhat sa loob, kaya kapwa pakikibagay at pakikihawig. May gawain na sadyang pinangyayari sa kumpas ng pagtatanghal o sa paraan ng pagpapatanaw sa isang bagay sa abot-kaya na maaari itong palitawin sa isang natatanging paraan. [sariling salin]

Ang pagpapakita ng loob ay nagiging ganap sa pagpapalabas nito. Samakatwid, may pagpapalagayang-loob lamang kapag may pagpapalagayang-labas. Sa pangyayaring ito nagiging lubos ang tapatan sa tanaw ng hambing at hinolay, sa pamamagitan ng pagtutulad, pagtutumbas, pagbolag, pagsiring, pagbarang. Sa abot-galaw ng palakumpasang ito, naririyang ang “ibig” bilang puwersa na nakapangyayari ng saloobin na nangangailangan ng katuparan sa labas.

Isinasayaw ang koreograpiyang ito sa sukat na lima. Sa unang sandali, kinikilala ang isang sadyang kilos, isang kasandalian ng kumpas na tinutukoy ang isang nais na nasa hugpungan ng pagpapahingalay at ng paghinto nito, galaw. Pisikal ang rehistro ng galaw, dahil ang nakapagdesisyon ang tagaganap na iwanan ang silid ng muni; dahil dito, namamarkahan ang malawak na landas palayo sa lugar ng pinagbukalan ng pasya. Ikalawa, ang kilos ay nagagabayan ng isang napakatiyak na tunguhin. Dahil nakabatay ang kumpas sa isang ugali sa loob, ang linya ng motibo ay nililina sa patungo lamang sa labas, kung tutuusin ang gawi ng minimithi. Ikatlo, may pasya ang sinuman na saksihan ang namamalas dahil sa natatanaw na kalagayan ng kilos. Inilalatag ng dulaan ang sariling dalumat; ang alegorya ay uri ng tagpo, nasa antas man ng mata o nakaangat ang tingin. Ikaapat, nilalampasan ng tanaw ang sarili nito upang ipalabas ang totoo o pahindian ang dulaan. Dito nagkakaroon ng pagkakataon ang palabas na magningning. At huli, nagkakaanyo ang totoo, matapos ang palamuti, sa kabila ng pagpapalawig.

Pinahihintulutan ng gawa ni Flores na makipagtuos tayo sa lawak ng semiotika ng teatro sa bayan: “dula” bilang pakikiharap sa isang hapag; “tanghal” bilang paraan ng pag-angat tungo sa dingal ng bagay; “daos” bilang laman ng pangyayari at paraan ng pakikitalad; at “luwal” bilang sandali ng pagtatambis sa pagsilang, bilang sanggol, at pag-usbong, bilang katutubo.

Kung tinutukoy ng loob ang “locus” ng pag-iisip, hinahangad naman ng labas ang “gestus” ng pagbabanyuhay ng isip muna. Ngunit huwag lamang nating ituring ang loob bilang intensiyon at

ang palabas bilang aksiyon, dahil kapwa nila pinatutungkulan ang palasukatan ng “tropos,” ang liko o kabig ng diskurso; binubuo ng “loob” at “labas” ang tumbasan kung saan ang diwa ng simulain, ang landas ng pagsisiwalat, at ang kumpas ng pagdaan, ay maaaring magsama dahil natitiyak na ang yari at kilos ng nagtutularang tumbasan ay mababanaag sa paglaon: masisiring ng hinolay, mababarang sa bolag, maisasangkot sa paghahambing.²

Paano naman napaiitng ang talabang ito ng loob at labas sa gawi ng pagsasalin? Paano natutumbasan, o nahihigant ang mithi ng pag-iibigan sa pakikipagpalagayang-loob ng isang nagpapalabas na wika? Saan maaaring ipook ang panahon ng katapatan? Ano ang penomenolohiya ng loob at labas na maaaninag natin mula sa pilolohiya ng “traduccion” sa Tagalog at sa Bikol?

Ayon sa *Vocabulario de la Lengua Tagala*, ang “salin” ay “trasladar,” isang paggalaw sa bagay; “trasplantar,” isang kilos ng paglilipat; “pasar de una vasija en otra,” isang pagpapalit-sisidlan; at “entregar el oficio al sucesor,” isang pagpapasa ng katungkulan (de Noceda at de Sanlucar 1860). Sa *Vocabulario de la Lengua Bicol* naman, ang “daquit” ay “mudarse de un cabo á otro,” isang pagbabagong-pamunuan; “pasar de una parte á otra,” isang pagpapalit-bahagi; at “pasar de la otra parte del rio, o otra cosa,” isang pagtatawid-ilog o paglilipat-bagay (de Lisboa 1865). Pangunahin sa dalawang wika ang kilos ng pagbabagong-lunan, mula sa loob tungo sa labas, gamit ang isang pamaraan ng pagbabagtas, sasakyan man ito o sisidlan. Nakalakip sa galaw na ito ang pag-asang mailalagay sa matapat na bagunloob ang inilalabas o ipinapalabas na ibig, anuman ang lagay ng pangyayari o lakas ng kapangyarihan. Mahalaga ang “salin” bilang kumpas ng paghahambing sa pagpapalawig nito ng abot ng pagtutulad tungo sa mga tanaw ng tumbasan. Pinagtitiyab naman ng “daquit” ang mga kutob ng “hinolay” na ilahad ang mga bagay-bagay ayon sa kakayah-an ng mga ito na turulin ang landas-wika mula sa mga agwat ng “bolag,” pook ng “siring,” at aninag ng “barang.” Sa mapaghambing/mapaghinolay na pagsasadiwa na mahahalaw mula sa enkuwentro sa pagitan ng “salin” at ng “daquit,” lumilitaw ang halaga ng isang uri ng koreograpiyang kognitibo/palakumpasan ng isip upang pagtibayin ang diskurso ng wika na hindi lamang nananahan sa estruktura.

Bagaman malinaw na nga ang talaban ng kilos at yari sa suring paghahambing sa salin/mahinolay na pagkundi sa dakit, manahan pa tayo kahit sandali sa dalumat ng loob/labas sa pagtukoy sa pilolohiya ng “sisidlan” at “silid.” Kung titingnang muli ang *Vocabulario de la Lengua Tagala*, ang “sisirlan” ay pumapatungkol sa isang “vasija,” at ang ugat nito ay ang “silir,” na “aposenito,” isang silid (de Noceda at de Sanlucar 1860). Inilalarawan din nito ang kilos ng pagpasok, “entrar” at paglagay ng isang bagay sa isang espasyo, sa loob, “meter algo” (ibid.). Kasindiwa ng kumpas na ito ang “linoob” (ibid.). Hinu-

ha ng “sisidlan” ang isang lunan kung saan iginagalang ng salin ang isang lihim kahit na ang pagtungo sa pook na ito ay nakapagbahandog na nga ng liwanag.³ Ang paraan na ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa “sisidlan” na magbalik sa di pa nadadaglatan nitong anyo, “sisilidan.” Upang maging sisidlan, ang walang hanggang loob ay kailangang magkahugis sa sarili nitong pook. Sa lugar ding ito naitatampok ang paghuhunos, ng maaaring pagpapalit-loob. Tinatanggap ng sisidlan ang lagayan sa walang maliw na kalooban. Tinatandaan ng “sisilidan” ang kilos ng pagkukubli at ang kumpas ng pagsuko sa isang dimensiyon sa pamamagitan ng silid. Ngunit ang pagkakahati sa kasong ito ay hindi lamang ang paggugumiit ng hangganan. Ang laman nito ay hindi isang bagay na nakalagak lamang kundi ang ugali ng pagkakasilid: na kailangang ihanda ang totoo bilang kaloob. Kaya’t iyang mabagtas ang isang sisidlan matapos ang isa pang sisidlan: iyon ang laman ng pangarap ng bawat salin/dakit.

Isinasalin, o idinadakit ni Fruto del Prado ang sisidlan ni Modesto de Castro sa ganitong paraan:

May *pagcamootan*, na bugna nin totoong pagcamoot.... Magtataong *ragna* sa caiba ó *catood* pagtatauán nin *omao*; alagad an pagtao *todoc* sa *boot* asin bacong sa ibabao. Bacong an saró sana an *magpapahiling* nin boot kundi *mágcasi* magpinahilinghilingan... Cun an saro nahilingan nin caratan caipuhan sabihan can saro nin luayluay asin husay na tataramon taghaning day matuyauan an catood...acoon an marhay na hatol can naquiquisomaro sa boot niya.... An *pagcamootan* sarong mahalagang talicalang bulauan na *minagapus* sa duang puso. (Modesto de Castro 1867, 51-52)

Isinasalin ang “ibig” at ang “loob” sa pagdadakit ng “boot.” Ayon sa *Vocabulario de la Lengua Bicol*, inaabot ng “boot” ang “querer,” isang mithi; “voluntad por el corazon,” isang pagkukusa ng pakiramdam, o “interior de uno,” isang lunang nakapaloob (de Lisboa 1865). Sa Tagalog, ang arkitektura ng loob ang una nitong pakahulugan; sa Bikolano, sa malay ng konkretong espasyo nauuwi ang abstraksiyon ng kusa at pakiramdam.

Pangunahin ang saysay ng “boot” bilang nais na itinutuan sa isang bagay. O ginagawang dahilan ng isang paninindigan. Itinatangi ng “boot” ng tao ang kanyang pagkatao, kung “marahay” o “maraot” ito. Dalisay ang sinuman kapag tinawag siyang “maboot.” Ang sinumang taong mapanghimasok, ay walang galang sa “boot”: nagpaparoboot, “nakikialam,” o “borotanon,” pakialamero. Ngunit ang sinumang may paggalang sa “boot” ng iba ay “casarong boot,” kaisanloob. Ang taong iyon ay maaaring ibigin, “mamotan” (ibid.).

Sa salin/dakit, nananatili ang paghahandog ng “lugod” at “puri” sa pamamagitan ng “ragna” at “omao” (ibid.). Hindi rin nawawala ang diwa ng pakikipagpalagayang-loob sa pamamagitan ng pa-

ghahayag nito sa antas ng palabas, sa malas, na nasa “paghiling” at “pagpapahiling,” gaya ng paggamit ng diskurso ng paningin mula sa “qita” ng Tagalog (ibid.). Subalit may mahalagang kaibhan ang pagtatapat dahil sa ideya ng “todoc” na may danas ng matalas na pagtagos sa lupa, sa laman, o sa isipan (ibid.). Bagaman hindi isang payak na paghaharap o pakikiharap ang nakapaloob na kilos sa “tapat,” ang pagpapaloob dito ay ipinapalagay na lamang. Ginaganap ng “todoc” ang pamaraan ng pagbabagtas mula labas paloob sa pagdaragdag ng hulagwayan ng “tarom”/“talas,” “panas”/“tulis,” at ng maging ng “orag”/“dahas,” sa kilos ng “pagpapaloob”/“pagkamoot” upang maging “matapat”/“matodoc.” At kung iugnay ito sa salin-dakit ng kaibigan, ang “catood,” na maaaring muling isalin sa Filipino bilang “kasabay sa kasanayan,” higit na nagkakaroon ng talab ang tapatan sa paglaon ng panahon (ibid.). Pinatutunayan ng ganitong kaibhan sa palabas ang isang salimuot sa salin/dakit—na hindi ito maiuuwi sa usapin ng tapatan, dahil may salimuot na kasangkot sa pagtatawid ng mga haming at hinolay gamit ang mga sisidlan sa patnubay ng mga kilos na hindi iisa ang aninag at barang. Ayon nga kay Alejo: “Ang loob ay hindi basta ‘hindi labas’” (1990, 70). Na inaayunan naman ni Flores: “semblance is always elusive” [laging mailap ang pakikihawig] (2008, 8). Hindi laging isang tumbasan ang tinutularan sa isang paghahambing.

Bilang pagwawakas, pag-ibayuhin pa natin ang sapantahang ito sa pagsipat sa salin-dakit sa huling pangungusap ng siniping talata mula sa kabanata. Sa Tagalog: “Ang pag-iibigan ay isang caguiilio-guilio na tanicalang guintó, na tumatali sa dalauang puso.” Sa Bikol: “An pagcamootan sarong mahalagang talicalang bulauan na minagapos sa duang puso.” Sa Tagalog, ang “gilio” ay “amor, aficion, memoria amorosa:” pag-ibig, pagkahilig, at gunita ng pangangibig (de Noceda at de Sanlucar 1860). Kapansin-pansin ang kakulangan ng salin nito sa Bikolano, bilang “mahalaga.” Nasaan ang “aling”? Ang paglilibang? Ang pagbibigay ng kasiyahan? Ang pagpawi sa kalungkutan? (de Lisboa 1865). Ang pagbabawas bang ito sa dakit ay isang palatandaan ng pagtaliwas o pagtalima sa balintuna ng “tanicalang guinto” na katangi-tangi subalit hindi makapagpapalaya? O bahagi ng ironikong katapatan ng “tanicalang bulauan” sa “tanicalang guinto” ang hindi ganap na pagtodoc sa kasiyahan, upang madakit pa rin, kahit paano, ang mga hindi maitatawid sa sistema ng paghahambing?

MGA TALA

1. Kakatwa, siyempre, ang balintuna, sa pagitan ng Bikol na “bolag” at ng Tagalog na “bulag,” dahil sa “barang.”
2. Basahin si Hayden White (1978). At ang aking interbensyon (2011).
3. Sipatin ang maagang tagpo ng suri kong ito sa tungkulin ng pag-sasalin sa aklat ng mga tula ni Ma. Luisa F. Torres, ang *Sipatsalin/Transfigurations* (2011, 171).

MGA SANGGUNIAN

- Alejo, Albert E., S. J. 1990. *Tao Po! Tuloy! Isang Landas ng Pag-unawa sa Loob ng Tao*. Lungsod Quezon: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University.
- de Lisboa, Marcos. 1865. *Vocabulario de la Lengua Bicol*. Manila: Colegio de Santo Tomas.
- de Noceda, Juan at Pedro de Sanlucar. 1860. *Vocabulario de la Lengua Tagala*. Manila: Imprenta de Ramirez y Giraudier.
- Flores, Patrick D. 2008. “Palabas.” *Ctrl+P: Journal of Contemporary Art* 11: 7-8. http://www.ctrlp-artjournal.org/pdfs/CtrlP_Issue11.pdf.
- Jacobo, J Pilapil. 2011. “Mood of Metaphor: Tropicality and Time in the Philippine Poetic.” PhD Diss., State University of New York at Stony Brook.
- Modesto de Castro, Presbitero, D. 2005. *Pagsusulatan nang Dalau ang Bini-bini na si Urbana at ni Feliza*. Pinamatnugutan ni Romulo P. Baquiran, Jr. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas, 2005.
- . 1867. *Pagpasuratsuratan ni Urbana asin ni Feliza na Paghihinodan nin Marahay na Caogalean na dapit sa Paguiatubang sa Magcasitaau*. Di nakit ni Fruto del Prado. Manila: Colegio nin Santo Tomas.
- Reyes, Soledad S. 1999. “Urbana at Felisa.” *Philippine Studies* 47:1, 3-29.
- Torres, Ma. Luisa F. Torres. 2011. *Sipatsalin/Transfigurations*. Marikina City, Philippines at Yogyakarta, Indonesia: Talindaw Publishing House at Research and Community Extension, Sanata Dharma University.
- White, Hayden. 1978. *Tropics of Discourse: Essays in Cultural Criticism*. Baltimore and London: Johns Hopkins University.